# 1

"Kenna, please…"

"But, Keira, it's not as simple as that," tutol niya sa nagsusumamong kakambal.

Hindi alam ni Kenna kung paano ipapaunawa rito na komplikado ang hinihiling nitong gawin niya. She and Keira were identical twins. Nauna siyang lumabas dito nang ilang minuto kung kaya siya ang itinuturing na mas matanda sa kanilang dalawa. Magkaparehung-magkapareho man ang kanilang mga mukha ay magkaibang-magkaiba naman ang mga personalidad nila. Kimi at mahiyain si Keira samantalang siya ay madaldal at palakaibigan. Outgoing at adventurous siya habang ang kakambal ay mas gusto pang manatili sa bahay nila, partikular na sa kuwarto nito, at magbasa nang magbasa ng kung anu-anong libro especially romance novels.

Honor student ito mula kindergarten hanggang sa kolehiyo. Cum laude ito nang magtapos sa kursong Business Management sa bayan nila sa Sta. Barbara. Kung si Keira ay mas ginustong manatili at magtapos ng pag-aaral sa Sta. Barbara Academy, siya naman ay pinilit nang husto ang kanilang papa na payagan siya

na sa Maynila mag-aral ng kolehiyo. It took her five years and a half to finish her degree in Journalism. Dahil iyon sa nagsimula na siyang maging modelo sa edad na eighteen. Dahil sa kanyang modeling career ay hindi na siya nakapag-enroll ng full load.

Katakut-takot na sermon ang inabot ni Kenna sa kanilang mga magulang dahil doon. Hindi naman daw sila naghihirap para pumasok pa siya sa pagmomodelo. Labis ang naging pagtatampo ng mga ito sa kanya dahil bukod sa natagalan siyang tapusin ang kurso ay hindi pa siya nakakauwi sa bayan nila. Nawala lamang ang tampo ng mga iyon nang maiabot na niya sa mga ito ang kanyang diploma. Pagkatapos niyon ay hinayaan na siya ng mga ito na i-pursue ang kanyang hilig sa pagmomodelo.

Naging matagumpay siyang ramp and commercial model. Katulad ni Keira na napalago ang business nitong flower shop sa Sta. Barbara ay naiangat din niya ang pangalan sa mundong kanyang pinili. Hindi na niya kailangan pang humingi ng sustento sa mga magulang dahil sobra-sobra ang kinikita niya. Nakabili siya ng sariling condo unit at kotse. Isang achievement iyon na ipinagmamalaki niya.

Maituturing na maalwan ang kanilang pamilya sa Sta. Barbara. Kung tutuusin, kahit hindi sila

magtrabaho ni Keira ay makakaya silang sustentuhan ng kanilang papa dahil maunlad ang negosyo nito, ang *Romero's Trading*. Isa iyong malaking store kung saan mabibili ang mga gamit for construction—semento, buhangin, bakal, kahoy, yero at pintura. Kasama rin doon ang paggawa ng sliding doors and sliding windows. Anuman ang kailangan sa pag-construct ng bahay o ng building ay mabibili sa *Romero's Trading*. Dahil sa matagumpay na negosyo ng kanilang mga magulang ay lumaki sila ni Keira na hindi salat sa anumang materyal na bagay. Mapagmahal at mapag-aruga sa kanila sina Karina at Julio Romero.

Kung siya ay piniling manatili sa maingay na lungsod, si Keira naman, katulad ng inaasahan ng lahat, ay nanatili sa kanilang tahimik at magandang bayan. Kapag may mga espesyal na pagtitipon sa kanilang angkan ay saka lamang siya napapauwi. Pagkatapos niyon ay kaagad din siyang babalik ng Maynila. At sa tuwina'y maririnig niya ang pagkukumpara ng mga kamag-anak nila sa kanila ni Keira.

Ayon sa mga ito, isang araw raw ay magiging mabuting may-bahay si Keira at mapagmahal na ina sa sarili nitong mga anak. Magpapakasal sa katulad din nitong mabait at responsableng si Javier na kanilang kababata. Samantalang siya raw ay matatagalan pa at

mahihirapan sa pagpili ng isang matinong lalaki dahil sa industriyang pinasok niya na pawang mga liberal at moderno ang mga taong kanyang nakakahalubilo. Kapag nakakarinig siya ng ganoon ay nakakaramdam siya ng inis. Iyon ang dahilan kung kaya kahit kailan ay hindi niya ginustong dumalo sa mga pagtitipon ng kanilang angkan. Mapagkukumpara lamang sila ni Keira. At katulad ng madalas na nangyayari, siya ang lalabas na masyadong dehado kumpara sa kakambal.

Not that she did not want to marry one day and have her own kids. Siyempre kahit naman hindi siya katulad ni Keira na domesticated ay iyon din ang gusto niyang kapuntahan eventually. Iyon ay pagkatapos niyang matupad ang mga goals niya pagdating sa kanyang career.

Palibhasa kasi ay nasanay na ang mga kakilala nila na lumaki sila ni Keira na magkalayung-magkalayo. Keira was a straight honor student in highschool while she had been brought to the Prefect of Discipline's office every once in a while. Marami-rami rin kasi siyang kapilyahang ginawa noong high school. Isa pa, mas gusto niya ang gumimik and magsaya kasama ang mga kaibigan kaysa mag-aral ng kanilang lessons. Okay na sa kanya iyong pumapasa siya at hindi niya kailanman hinangad na abutin o mapantayan ang mga academic awards ni Keira.

However, despite having different personalities, she and Keira had always been very close while growing up. They were the best of friends. Kahit pa magkalayo sila at matagal na hindi magkita, ang bonding at pagmamahal nila sa isa't isa ay hindi nagbago at kailanman ay hindi magbabago. Lalo pang pinatibay iyon ng pagiging kambal nilang dalawa. Pareho nilang nararamdaman kung may problema ang isa man sa kanila. Nakakaramdam sila ng tuwa kapag masaya ang isa't isa. Kenna was never envious of her twin sister.

Ang isa't isa ang una nilang tinatakbuhan kapag may problema sila. At isa ang araw na iyon sa tinutukoy niya. Sinadya pa siya ni Keira sa Manila, sa kanyang condo unit dahil sa agam-agam na nararamdaman nito. At nagulat si Kenna nang marinig ang bagay na hiniling nito sa kanya.

Natigilan siya sa malalim na pag-iisip nang marinig niya ang pagsinghut-singhot ng kapatid. Umiiyak ito.

"Oh, Keira, stop crying, please…" aniya sa kakambal at kaagad na tinabihan ito sa mahabang couch sa sala ng condo unit niya. "Don't worry. We'll find out a way to… to fix this. Together. Do you hear me?"

"Then you'll help me?" anito matapos pahirin ang luha sa pamamagitan ng panyong hawak nito. Nasa mga mata nito ang relief.

"Of course I will help you, Keira," kaagad niyang tugon. "We've always helped each other. But I just don't think that this is the right thing to do. We can think of another plan… a more… uhm... sensible idea, I guess…"

"Oh, Kenna, it wouldn't be that hard to pretend as me. We've always done that in the past," anito.

"Yeah, I know. But this is different, Keira. Those were just simple things, you know what I mean? This is… this is damn serious and complicated!"

"It's the same thing, Kenna," pagpupumilit nito. "Kailangan ko lang ng ilang araw na pag-iisip. Two weeks at the most—"

"Two weeks?" hindi niya napigilang bulalas. "Are you kidding me?" saad niya, nagsisimula nang maging hysterical ang pakiramdam. Dahil sa labis na tensyon ay muli siyang napatayo at nagpalakad-lakad sa harapan nito. "Magpapanggap ako na ako ikaw sa harap ng Mama at Papa? Sa harap ng mga kasambahay natin sa bahay, sa harap ng mga tao sa Sta. Barbara, sa harap ng mga magulang ni Javier?

At kay Javier mismo? We're talking about your fiancé here, Keira. This is no joke!" nanlalaki ang mga matang bulalas niya. Hindi siya makapaniwala sa hinihingi sa kanya ng kakambal.

"I know, I know, I know…" anito na muling napaiyak. "It's just that I don't understand what is happening to me. I was prepared to marry Javier. God, we were expected to marry each other since time immemorial. You know I've always looked up to Javier. He's always been my ideal man, Keira.

"But now that we're about to get married, I'm having cold feet. It's like I can't breathe and I can't move and I can't…. Oh, Keira, hindi ko maipaliwanag kung ano talaga ang nangyayari. I really need space and time to think. Away from the pressures of my wedding. Away from Sta. Barbara. Away from everybody…" lumuluhang pahayag nito.

Nakaramdam siya ng awa rito. Noon lamang niya nakitang nagkaganoon si Keira—ang masaksihan ang pagbi-break down nito. Her twin sister had always been so sure of what she wanted in life; marriage, husband and kids, staying at home doing her wifely and motherly duties. And now that she was about to have all those things that she wanted, she was suddenly having cold feet!

Napabuntong-hininga si Kenna. Huminto siya sa pagparoon at parito, tumayo sa harap nito. "Keira, you're just probably having pre-wedding jitters," aniya. "Normal lang 'yan. You're about to enter a new stage in your life. Isang bagay na matagal mo mang napaghandaan, eh, isa pa ring bagong experience. At dahil inisip mo nang inisip ay bigla kang… bigla kang ninerbyos…" paliwanag niya na para bang isa siyang eksperto pagdating sa usaping iyon.

Hiling niya na sana ay maliwanagan na ang kakambal at huwag na nitong hilingin pa ang isang bagay na hindi niya alam kung kaya niyang gawin. Kahit mahilig siya sa challenge at adventure ay hindi naman niya gugustuhing suungin ang bagay na ipinapakiusap ni Keira. No way!

"Oh, Kenna, whatever it is, I still need time for myself... to think things over. I need it, Ken, or I'm going crazy. Please help me, please…"

Gusto niyang ipagpatuloy ang pagtanggi, but Keira was looking at her with those pleading eyes of hers. Iyon ang unang beses na talagang kinailangan ng kakambal ang tulong niya. It had always been her asking Keira's help. At kahit pa hindi ito kompormeng gawin ang hinihiling niya, ni minsan ay hindi pa siya nito binigo. Maraming beses na siyang pinagtakpan

ni Keira.

And now it was Keira's turn to ask for her help. Only this time, hindi na simple lamang ang lahat. Hindi basta quiz o pagtatakip sa parents nila ang hinihingi nitong gawin niya. Gusto nitong siya ang bumalik sa Sta. Barbara at magpanggap na Keira habang nag-iisip ito at hinahanap nito ang sarili.

Siya ang haharap kay Javier at sa mga magulang nito bilang si Keira. Siya ang sasama sa pag-aayos ng mga huling detalye sa nalalapit na kasal ng mga ito. Three weeks na lamang at kasal na nina Keira at Javier. Kung kailan malapit na ang araw na iyon ay saka naman ito tumakbo sa kanya para humingi ng tulong.

"Kenna…" narinig niyang untag ng kapatid. Hinawakan nito ang kamay niya upang maupo siya sa tabi nito. "I badly need your help. Dahil kapag bumalik ako sa atin ay hindi rin ako magkakaroon ng pagkakataong makapag-isip. I just need some alone time. Gusto ko lang ma-realize na ito talaga ang gusto ko. Two weeks lang, Kenna. Can you do this for me?"

Hindi siya nakakibo.

"Please…?" muli nitong pagsusumamo. Now how could she say 'no' to those pleading eyes? "Kenna?"

"All right," aniya matapos ang isang buntong-hininga. "You know I love you and you're the only sister I have… the only twin sister I have so…"

"So?" anito habang napuno ng pag-asa at tuwa ang mukha nito.

"So, I'll do it," mahinang turan ni Kenna. "Do I have any choice?" malakas at taas ang kaliwang kilay na dugtong niya.

Doon na natawa si Keira. Tuwang-tuwa itong yumakap sa kanya nang mahigpit. Ngunit hindi naman niya magawang matuwa. Lalo pa at ang makakaharap at makakasama niya ay walang iba kundi ang kababata nilang si Javier Amorsolo....

# 2

Pagkaraan ng dalawang araw ay bumaba si Kenna mula sa kanyang condo unit sakay ng elevator patungo sa parking lot. Naghihintay na sa kanya roon ang driver nilang si Mang Nestor. Iyon ang naging instruction ni Keira. Pagkatapos na maihatid ito sa condo unit niya ay susunduin itong muli after two days. Idinahilan nito sa parents nila, pati na kay Javier na pupuntahan siya upang siguruhing a-attend siya sa kasal nito.

Pagkakita ang pamilyar na kotse nila ay sinalakay na siya ng kaba at nerbyos. Iyon na kasi ang simula nang pagpapanggap niya bilang si Keira. Magsisimula na siya bilang si Keira sa harap pa lamang ni Mang Nestor. At kumpleto siya sa props. Suot niya ang floral na bestida ni Keira na umabot hanggang sa ibaba ng tuhod niya. Old rose ang kulay niyon at pakiramdam niya ay mukha talaga siyang matimtimang birhen sa suot. Kahit ang puting sandals na suot ay konserbatibo ang cut. Kinailangan pa niyang ibalik sa pagiging itim ang kulay ng buhok niya na dating kulay burgundy.

Ang suot niyang mga alahas ay pawang kay Keira. Mula sa pearl na hikaw, kuwintas, at relo hanggang sa

diamond ring nito. Pakiramdam niya ay nangangati ang daliri niya habang suot ang engagement ring nito na bigay ni Javier. Simpleng-simple lamang ang ayos niya. Nakatali ang buhok niya gamit ang isang simpleng pony tail gayung hindi naman siya nasanay na nakatali iyon. Palagi na ay hinahayaan lamang niyang nakalugay ang mahabang buhok. Mabuti na lamang at parehong mahaba ang buhok nila ni Keira. Kapag napansin na may bangs siya ay sasabihin na lamang niyang naengganyo siyang paputulan iyon.

Oh, damn it! She didn't feel like Kenna anymore. Pakiramdam niya, ngayon pa lamang ay mahihirapan na siyang magpanggap bilang si Keira. Dahil opposite na opposite naman ang personalities nila ng kakambal!

Nang makita siya ni Mang Nestor ay agad itong bumaba ng sasakyan upang kunin ang dala niyang maliit na traveling bag.

"Good morning, Mang Nestor," bati niya sa family driver. Bata pa siya ay nagtatrabaho na ito sa kanila kung kaya parang pamilya na ang turing nila rito at sa pamilya nito.

"Good morning din, Keira," nakangiting ganting-bati ng may-edad na driver.

Bahagya pa siyang napapitlag nang tawagin siya nitong 'Keira'. Kamuntik pa niyang itama ito at sabihing hindi siya si Keira kundi si Kenna. Mabuti na lamang at napigilan niya ang sariling gawin iyon. Dapat ay sanayin na niya ang sarili na matawag na sa pangalan ng kakambal sa loob ng dalawang linggo.

"Hindi na ho bumaba pa si Kenna dahil masama ang pakiramdam. Pinakukumusta na lang ho niya kayo sa akin," aniya nang pareho na sila ng matanda na makasakay ng kotse. Ipinasya niyang sa backseat na lamang maupo upang makapag-isip-isip siya.

"Sikat na talaga si Kenna, ano, Keira?" ani Mang Nestor. "Aba'y kabi-kabila ang mga commercials niya, ah. Kahit nga mga batang babae sa atin ay iniidolo siya."

Isang ngiti ang itinugon niya rito.

"Kahit naman noon pa ay parang nakikita ko nang magiging artista ang batang iyon isang araw. Aba'y kagaling mag-ayos at panay pa ang sabi sa akin na magiging modelo raw siya o isang artista pagdating ng araw. Aba'y nagkatotoo nga…"

Napangiti si Kenna. Ngunit nang makita niyang nakalabas na sila ng parking lot ay bumalik na naman ang kabog sa kanyang dibdib. Tila ba gusto niyang

pahintuin ang sasakyan at pabalikin iyon.

Pagkatapos ng maikling huntahan nila ni Mang Nestor ay hinayaan siya nitong makapagpahinga habang nasa biyahe. Kaya naman nagkaroon siya ng pagkakataong pag-isipan ang gagawing pagpapanggap. Kasabay niyon ay nagkaroon siya ng pagkakataong lalo pang kabahan! Kailangan niyang mag-ingat sa pagkilos. Kailangan niyang palaging isiksik sa utak na hindi siya si Kenna hangga't hindi pa nakakabalik sa Sta. Barbara si Keira.

Dapat ay hindi makahalata ang mama at papa niya. But what about Javier? Hindi kaya nito mahalatang hindi ang totoong fiancée nito ang kaharap at kausap? Siyempre kilalang-kilala na nito si Keira mula pa pagkabata. Tulad ng kanyang kakambal ay masipag ding mag-aral, responsable at konserbatibo si Javier.

Hindi man agad na naging magnobyo sina Keira at Javier ay inaasahan na ng pami-pamilya nila na ang dalawa ang magkakatuluyan. Nagkaroon ng pormal na relasyon ang dalawa halos isang taon pa lamang ang nakakaraan. Ngunit sa tingin niya ay formality na lang iyon dahil parang mag-boyfriend na rin ang mga ito kahit pa noong high school sila.

Hindi sila naging malapit ni Javier dahil alam

niyang hindi naman siya nito gusto. Wala itong gustong maging kaibigan kundi ang kakambal niya. Hindi iilang beses na ipinaabot nito ang opinyon tungkol sa klase ng pananamit at pagkilos niya kay Keira. At si Keira naman ang magsasabi sa kanya niyon.

Madalas man silang magkita ni Javier ay hindi sila nag-uusap. At kung mag-usap man ay palaging nagkakapikunan, dahil pareho nilang hindi matagalan ang isa't isa. Ayaw nito sa kanya at lalong ayaw naman niya rito!

Naging madalang na lamang ang pagkikita nila ni Javier mula nang tuluyan na siyang manatili sa Manila. Sa tuwing holiday season na lamang iyon nangyayari ngunit hindi sila nagkakausap. Kahit nang ibalita sa kanya ni Keira na ito na at si Javier at may gaganaping dinner sa bahay nila upang pormal na ipaalam ang relasyon ng dalawa ay hindi siya dumalo. Hindi sa ayaw niya kay Javier para kay Keira. Alam niyang matino ito. Hindi niya lang alam ay kung sasaya ba si Keira sa piling ng tahimik at istriktong si Javier.

Well, tahimik lang din naman si Keira. Kaya siguro ay matatagalan nito ang fiancé nito. Ngunit kung siya ang tatanungin ay hinding-hindi niya

matatagalan si Javier Amorsolo! Baka hindi pa man sila nagsisimulang makapag-usap ay banatan na siya nito ng kung anu-ano uri ng pamumuna. Kesyo ganito dapat siya magdamit at hindi ganyan. Kesyo dapat ay naghahanap siya ng matinong lalaki at hindi iyong papalit-palit siya ng nobyo. At kung anu-ano pang mga komentong talaga namang ikinaiirita niya nang husto.

At ngayon, hindi lamang niya simpleng makikita si Javier at makakausap, kundi talagang madalas niya itong makakasama. At kung mamalasin pa ay magiging araw-araw iyon sa loob ng dalawang linggo! How could she survive that ordeal? Lalo pa at hindi naman talaga nila gusto ni Javier ang isa't isa? Hindi kaya nito mahalatang hindi si Keira kundi siya, si Kenna, ang kasama at kausap nito?

Naipikit niya ang mga mata. Ayaw na muna niyang mag-isip. Bahala na si *Batman*! Mayroon pa siyang dalawang oras upang paghandaan ang pag-arte sa harap ng buong Sta. Barbara!

Sumasakit ang ulo niya sa kaiisip. Kaya naman hinayaan na lang niya ang sariling bumigay sa antok na nararamdaman. Nang magising siya ay sinabi ni Mang Nestor na nasa Sta. Barbara na sila. At ilang sandali pa nga ay pumapasok na ang sasakyan sa

kanilang bakuran.

Bigla niyang naramdamang na-miss niya ang bahay na iyon. Ang bakuran nila at ang mga tao sa bahay na iyon. It felt good to be home again! Ngunit ang pakiramdam na iyon ay panandalian lamang pala. Dahil pagbaba niya ng kotse ay nakita niya ang nakangiting si Javier ang sumasalubong sa kanya!

*Oh, my God, will I survive this?*

# 3

"Hi, sweetheart!"

Iyon ang nakangiting bati kay Kenna ni Javier. And oh, my God! Si Javier nga ba talaga ito? The man had loosened up at last! Wala na itong eyeglasses na suot. Last Christmas, which was exactly eight months ago, ay nakita pa niyang naka-eyeglasses ito just like the old days. At naka-formal attire pa!

Ngunit ngayon ay naka-simpleng white t-shirt lamang ito at worn-out maong jeans.

*All right, all right! He looks very masculine,* amin niya sa sarili. *And so yummy, too!*

Now where did that come from? At kailan pa siya humanga kay Javier? Kailan pa niya natutunang ma-appreciate ang hitsura nito, aber?

*Well, since… just now!* sagot niya sa isip.

Bahagyang nanginig ang tuhod niya nang magaan na halikan siya nito sa pisngi at yakapin bilang pagsalubong.

"It was great to see you back home, sweetheart," anito. Hindi nito inaalis ang matamis na ngiti. Hindi

niya akalaing ganoon pala kung makangiti ito sa kakambal niya. Para bang nakakatunaw at kahit sino ay magsu-swoon sa ngiti nitong iyon. Well, kahit naman kailan ay hindi siya naging recipient ng ganoong ngiti ni Javier kahit noon pa.

"Why?" anito matapos siyang yakapin at tingnan ang kanyang mukha. "You look pale, Keira. Is there something wrong? Nahilo ka ba sa biyahe?"

"H-ha? Ahm… s-siguro nga…" sabi na lamang niya.

"Halika na at pumasok tayo sa loob nang makapagpahinga ka at makainom ng malamig na tubig." Iginiya siya nito papasok sa loob ng bahay nila.

Sinalubong siya ng kanyang ina. Wala ang papa niya dahil nasa store daw ito.

"Kumusta, hija?" ani Karina Romero.

Humalik siya sa pisngi nito. "I'm okay, Ma," tugon niya. Naupo siya sa single sofa dahil ayaw niyang makatabi si Javier. Hindi niya maintindihan kung bakit nate-tense siya sa presence nito. She wasn't like that around him before. Kunsabagay, hindi naman siya nagpapanggap na si Keira noon. Iyon na lamang ang tinanggap niyang dahilan.

Kanina nang yakapin at hagkan siya ni Javier kahit sa pisngi lamang iyon ay may naramdaman siyang malakas na kuryente. Isang bagay na hindi pa niya naranasan kahit kailan. Kung bakit naman kay Javier pa niya na-experience iyon. Iyon ang kauna-unahang beses na niyakap siya nito at hinagkan. Kahit naman nagkikita sila during holidays ay hindi sila nagbebeso.

Damn it! Unang pagtatagpo pa lamang nila ni Javier bilang si Keira ay hindi na niya maipaliwanag ang nararamdaman! And she didn't like it! Not that she had been harboring a crush over him! Never!

Inabutan siya ni Manang Adela, isa sa mga kasambahay nila, ng iced tea. Agad niyang ininom iyon. Dahil gusto niyang mahimasmasan. Gusto niyang ibalik ang kontrol sa sarili at sa kanyang nararamdaman.

Dere-derecho niyang ininom ang lahat ng laman ng baso. Pagkatapos niyon ay nakaramdam siya ng kaginhawahan.

Ngunit bumalik ang tensyong nararamdaman niya nang lumapit si Javier at maupo sa armrest ng sofa na kinauupuan niya. Pagkatapos ay ipinatong nito ang braso sa kanyang balikat.

"You okay now?" masuyo nitong tanong.

*I will be if you just move away and give me a fair distance.*

"Y-yeah," pilit ngumiting sagot niya. "I guess," dugtong niya.

"How's your sister Kenna by the way, Keira?" tanong ng kanyang ina.

"Oh, she's just… fine," aniya. "She'll attend the wedding."

"Of course she will, dear. You two have always been very close. Kahit pa nga magkaibang-magkaiba kayo ng personalidad. At kahit naman gan'ung hindi mapirmi rito ang kapatid mo ay mahalaga tayong pamilya niya para sa kanya." Isang ngiti ang itinugon niya. "Masyadong bang busy ang kapatid mo at hindi mo man lang naisamang pauwi?"

"Yup," aniya. "She's busy doing her latest commercial." Katatapos lamang niyang i-shoot ang isang shampoo ad. Mabuti na lamang at clear siya nang hingin ni Keira ang tulong niya. May naka-schedule siyang fashion show two days from now ngunit pinakiusapan na lamang niya nang katakut-takot ang kanyang agent na si Tito Gabby na kailangan niyang umuwi for emergency reason. Bago pa nito

maitanong kung ano ang emergency na iyon ay agad na siyang nagpaalam dito.

"Hay naku, ang batang iyon, oo. Kailan naman kaya niya iaakyat sa bahay na ito ang mamanugangin namin ng papa mo sa kanya," anang mama niya matapos ang isang buntong-hininga.

"May nobyo ba si Kenna ngayon?" tanong ni Javier. Nang magawa niyang pagmasdan ang mukha nito nang mag-angat siya ng tingin ay napuna niyang tila interesado itong talaga sa sagot sa tanong nitong iyon. It was not just a mere curiosity. Hindi niya alam kung bakit ganoon ang naging pakiramdam niya.

"None that I know of," aniya. "She dated that actor Bernard Dizon for a couple of months, pero hindi rin sila nagtagal. When I asked her why it didn't work out, she just told me she wasn't ready for any kind of personal and long-time commitment."

"Oh, kahit kailan talaga ang batang iyon. Hindi ko alam kung kailan ako mapapanatag at hindi na mag-aalala pa sa kanya." Napailing ang mama niya.

Nag-aalala ang ina sa kanya? How come? She's having a successful career and a good life! Bakit nito kailangang mag-alala? It didn't make any sense to her.

"Why would you be worried about m—about

Kenna, Ma? She's doing fine." Kamuntik na siyang madulas!

"If she's doing fine she should have been engaged to some decent man right now, Keira, and not just go and date those men in skimpy briefs."

"Ma!" reklamo niya. "Those were hot models!" hindi niya napigilang sabihin.

Maang na napatingin sa kanya ang ina at si Javier. Tila gulat na gulat ang mga ito. Oh, geez! Nakalimutan niyang hindi nga pala nagsasalita nang ganoon si Keira! Her twin sister had always been prim and proper!

"Dalawang araw ka lang na dumalaw kay Kenna sa Manila ay parang nagagaya mo na yata ang kapatid mo," puna ni Karina. "Huwag mong sabihin sa akin na dinala ka ng kapatid mo sa isang bar o sa disco o sa—"

"Ma," pigil niya sa iba pang sasabihin nito. Parang gusto tuloy niyang magtampo rito. Kung magsalita ito ay parang bang magiging bad influence siya sa kapatid. "Sinasabi ninyo bang ipapahamak pa ako ni Kenna?"

"No, of course not, hija," agad namang bawi nito. "Sa akin kayo parehong nanggaling ni Kenna at alam

kong pareho kayong mabubuting mga bata. Hindi ko 'yan pinagdudahan. It's just that I worry about her. Ayokong tumanda at mawala sa mundong ito na hindi nakikitang nasa maayos ang kapatid mo. Na may katulad ni Javier na mag-aalaga sa kanya. Doon pa lamang ako mapapanatag, Keira…"

Nabagbag naman ang kalooban niya. It was good to know that her mother never ceased to care for her eventhough she often disobeyed her. Ngunit nakaramdam pa rin siya ng bahagyang iritasyon sa sinabi nitong mapapanatag ito kung may isang katulad ni Javier na mag-aalaga sa kanya.

Hindi na siya bata para alagaan pa. She's one independent woman! At hindi niya kailangan ng isang lalaki para lamang siya lumigaya. Puwede naman siyang maging masaya kahit walang lalaki sa buhay niya. Hindi naman nawawala sa kanya na mai-in love siya isang araw, pero hindi naman iyong tipo na sa lalaking iyon na lamang nakasalalay ang kaligayahan niya. She could be happy while waiting for the right man.

At saka hindi lamang si Javier ang batayan ng isang mabuting lalaki. Hindi pa rin nagbabago ang stand niya. Kahit pa mukhang gumwapo ito nang husto kaysa noong huli niya itong makita ay hindi

pa rin niya ito type!

"Ma, hayaan na lang natin si Kenna. We should trust her completely. She knows what she's doing."

"But she needs a Javier in her life. Panatag na ako pagdating sa 'yo dahil alam kong nariyan sa tabi mo si Javier." Magiliw pa nitong nginitian ang future son-in-law.

Gusto niyang mapasimangot ngunit hindi naman niya iyon puwedeng ipakita. Kung si Kenna siya ay maaari niyang gawin iyon. Pero nagpapanggap siyang si Keira kaya hindi maari iyon. Keira would always act the right way. Keira would always say the right words.

"Thanks, Mama," narinig niyang turan ni Javier. "Makakaasa ho kayong aalagaan at iingatan ko si Keira," anito sabay pisil sa balikat niya.

At muli niyang naramdaman ang pagsalakay ng kuryente sa kanyang katawan sa simpleng gesture na iyon ng binata. Ganoong-ganoon din kaya ang pakiramdam ni Keira sa tuwing hahawakan o yayakapin ito ni Javier? Kung ganoon nga, bakit kailangan pa itong makaramdam ng pre-wedding jitters? Dapat ay secured na secured na ito sa nararamdaman. Lalo pa at matagal na nitong kaibigan

si Javier.

Iyon ang malaking katanungan sa isipan niya. At mas madaling i-entertain ang tanong na iyon kaysa sa tanong na bakit ganoon na lamang ang pakiramdam niya kapag nadidikit ang balat niya kay Javier? Bakit nang sabihin nitong aalagaan siya nito at iingatan, kahit alam niyang si Keira ang tinutukoy nito ay nakaramdam pa rin siya ng kilig… ng tuwa? Bakit ba tila nagustuhan niya ang mga sinabing iyon ng binata?

*Oh my God!* She needed to think and recharge. Kung makakapagpahinga si Kenna ay alam niyang babalik na muli sa normal ang lahat.

"Ma, Javier, gusto ko muna sanang magpahinga, eh. Medyo napagod kasi ako sa biyahe at saka… m-masakit din ang ulo ko," pagdadahilan niya sa mga ito.

"It's okay, sweetheart," masuyong sagot ni Javier.

Oh, sana hindi na lang sweet sa kanya ang binata!

"Pa'no na ang fitting ng gown ni Keira, Javier?" tanong ng ginang sa binata.

"We can do that tomorrow, Mama."

"Okay."

“Hahayaan na kitang magpahinga, Keira,” baling ni Javier sa kanya. “I’ll see you tomorrow.”

“Okay,” turan niya. Grateful siya at sandaling mapapag-isa siya at malalayo sa presence ng ‘nobyo’. Bago pa siya makahuma ay nadampian na siya nito ng halik sa noo.

Damang-dama niya ang pamumula ng mukha. *Geez, Kenna, why did you have to blush like a schoolgirl!* piping pagalit niya sa sarili. Nakita niya ang pagkagulat sa mukha ni Javier nang marahil ay mapuna ang pamumula niya. Tinitigan siya nito sa mga mata. Agad siyang nag-iwas ang tingin sa takot na makilala nitong siya si Kenna at hindi si Keira.

“Ahm, aakyat na ako sa kuwarto ko,” sabi niya. “Ingat sa pagda-drive pauwi…” Iyon lang at iniwan na niya ito at ang mama niya. Hahayaan na lamang niyang ang ina ang maghatid dito palabas. Pakiramdam niya ay sobra-sobra nang energy ang nawala sa kanya sa iilang sandali pa lamang na pagpapanggap niya bilang si Keira.

Nang mapatapat sa pinto ng kanyang silid ay saka niya naalalang hindi nga pala maaaring iyon ang gamitin niya kundi ang silid ni Keira dahil ang alam ng lahat ay siya si Keira. Nang makapasok sa kuwarto ng kapatid ay agad niyang ibinagsak ang

katawan sa ibabaw ng kama. Sa palagay niya ay walang nahalatang kakaiba ang ina at si Javier. At least for now. Hindi na niya masasabi sa susunod pang mga araw.

Doon niya narinig ang pagtunog ng cellphone niya. Si Keira ang caller na iyon.

“How’s everything?” agad na bungad nito nang sagutin niya ang tawag. “Wala ba silang nahalata? Ano’ng sinabi ng Mama? Nagkita ba kayo ni Javier? Hindi ko nabanggit sa ’yo na sasalubungin raw niya ako pagbalik ko? So, how did it turn out? What was—”

“Hold it!” putol ni Kenna rito. “Aren’t you going to ask me first how have I been, little twin sister?”

Narinig niya ang pagtawa ni Keira sa kabilang linya. “How are you, Kenna?” she obliged.

“I’m going to be dead if not crazy, Keira,” eksaheradong turan niya.

Isang buntong-hininga lang ang sinagot sa kanya ng kakambal.

# 4

“Keira, halika at isukat natin ang wedding gown mo,” narinig niyang sabi ni Eunice.

Ito ang kilalang designer sa kanilang lugar. Nabanggit sa kanya ni Keira na ito ang nag-design at tumahi ng wedding gown nito. Naroon sila ni Javier sa shop ni Eunice para sa ni-reschedule na fitting ng gown niya.

Naintindihan ni Kenna ang sinabi nito ngunit parang ayaw niyang tumayo mula sa kinauupuan at pumasok sa fitting room ng shop na iyon.

Magkaparehung-magkapareho ang katawan nila ni Keira pati ang kanilang taas kung kaya alam niyang magkakasya ang gown na iyon. Ngunit ayaw niyang isuot iyon. Why, it was not her wedding gown!

Hilung-hilo na siya sa pagtawag ng lahat sa kanya ng ‘Keira’. Baka hindi pa matatapos ang dalawang linggo ay makalimutan na niya kung ano ang tunay niyang pangalan.

“Keira?” narinig niyang untag ni Javier sa kanya. Isa pa ito sa nagpapahirap sa kanya. Kung bakit naman kasi kailangan pa siya nitong samahan sa

shop ni Eunice.

*In case you've forgotten, Kenna, Javier is the groom*, anang isang bahagi ng isip niya. *At kailangang nasa tabi siyang palagi ng bride.*

"Keira, is there anything wrong?" ani Javier na napalapit na sa kanya.

Naupo ito sa tabi niya na tila ba nag-aalala sa ikinikilos niya. The last thing she needed was to be near him! Wala sa loob na napalayo siya rito. Doon niya nakitang napakunot-noo ito.

"I'm… I'm sorry," ani Kenna.

"Keira, masama pa rin ba ang pakiramdam mo?" tanong nito. "Sana sinabi mo para hindi na lang tayo tumuloy. Makakapaghintay pa naman ito."

"No, it's… it's okay. Ewan ko ba. Siguro matagal-tagal na rin akong hindi nakabiyahe kaya parang nabigla ang katawan ko," pagdadahilan niya.

Napatitig ito sa kanya… na tila ba may inaarok ito sa mga mata niya na kung ano. Bigla siyang kinabahan. Nakakahalata na ba ito sa kakaiba niyang ikinikilos? Dapat kasi ay pinagbubutihan ang pagpapanggap!

"W-what?" nag-aalalang tanong niya.

“Nothing,” anito. “Para lang kasing… para kasing may nagbago sa ’yo mula nang bumalik ka galing sa Maynila,” anito.

*Damn! Javier was too sensitive!*

“Ano naman ang puwedeng magbago?” kunwa ay natatawang turan niya. “Nabigla lang ang katawan ko kaya ganito na parang wala ako sa mood. But I’ll be fine, Javier. You don’t have to worry. I’m Keira… I mean I’m still the same old Keira you know.” Pagkatapos niyon ay nginitian niya ito. “Maiwan muna kita at baka naiinip na si Eunice,” aniya pagkatapos ay tinungo na ang fitting room.

Hinayaan muna siya ni Eunice na maisuot ang wedding gown. Nang maisuot niya iyon at makita ang reflection sa salamin ay natulala siya. Bagay na bagay sa kanya ang wedding gown na iyon! Pakiramdam niya ay ang ganda-ganda niya habang suot iyon. Bahagya pa niyang naiawang ang bibig habang pinagmamasdan ang kabuuan sa life-sized mirror na naroon sa loob ng fitting room.

The gown was off-shouldered. Simple ngunit elegante. Eksaktong ganoon ang gusto niyang wedding gown. Iyon ang itinuro niya kay Keira na design nang tulungan niya itong mamili ng designs. Pinadala niya through e-mail ang napili niyang design

para rito. At iyon naman ang eksaktong pinatahi nito kay Eunice.

"Naisuot mo na ba, Keira?" narinig niyang tanong ni Eunice mula sa labas.

"Ha? Ah, oo."

"Come out and let's have a look at you. I'm sure excited na rin si Javier na makita ka."

Dahil hindi naman maaaring habang-buhay siyang manatili siya roon ay wala siyang nagawa kundi ang lumabas na. Malakas ang kabog ng dibdib at nanginginig ang mga tuhod niya. At dahil lang iyon sa isiping makikita siya ni Javier sa kasuotang iyon! Hindi nakapigil sa kaba niya ang katotohanang hindi naman si Kenna ang makikita nito kundi ang fiancée nitong si Keira kahit pa nga iisa ang mukha nila ng kakambal.

"Wow!" hindi napigilang bulalas ni Eunice. "You look gorgeous, Keira. Mukhang hindi na yata kailangan pa ng adjustments. It fits you perfectly. What do you think, Javier?" tanong nito sa tila natulalang binata.

Mula nang lumabas siya ng fitting room ay hindi na nito inalis ang tingin sa kanya. Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa pabalik… at pabalik pa!

Hindi niya napigilang mamula dahil sa klase ng tingin nito at sa paghangang naroon sa mga mata nito.

Oh God, hindi niya maipaliwanag kung bakit ganoon na lamang ang nararamdaman niya? Kung bakit tila masaya siya sa reaksyong nakikita mula kay Javier? At bakit pakiramdam pa niya ay siya, si Kenna, ang nakikita nito at hindi tunay nitong nobya? Oh, why was she feeling this way about this man who she grew up disliking?

"Javier?" untag ni Eunice sa binata.

"Beautiful…" tila mesmerized na mesmerized at wala sa sariling turan ni Javier. He looked like a man who was really taken by his ladylove.

Narinig nila ang mahinang pagtawa ni Eunice. "Hay naku, Keira, ngayon pa lang ay natutulala na itong si groom mo. Pa'no na kaya kapag sa mismong kasal na?" kantyaw ng dalagang designer.

Batchmates sina Eunice at Javier kaya naman malayang nabibiro at nakakantyawan ng babae si Javier.

Tila noon lamang nahimasmasan ang binata. Hindi nakaligtas sa kanya ang pamumula nito. Gusto niyang matawa. Akalain niya bang kalalaking tao ni Javier ay nagba-blush rin ito!

*At least quits na tayo*, sa loob-loob niya.

“Puwede ko na ba itong hubarin, Eunice?” naiilang nang tanong niya sa designer.

“Okay lang ba ang fitting? How do you feel?” tanong ni Eunice.

“Okay naman. You did very well,” puri niya.

“Thank you. I take it that you liked it,” nakangiting sabi nito.

“Oh, I like it. Very much. And you, Javier?” baling niya sa binata. Hindi niya napigil ang kagustuhang itanong iyon dito.

“Yeah,” agad nitong sabi. “Yeah, I like it, too. You looked… beautiful wearing it. Great job, Eunice,” sabi pa nito.

Pagkatapos niyon ay muli siyang pumasok sa fitting room upang magpalit. Napangiti siya nang maalala ang hitsura ni Javier nang makita siyang suot ang wedding gown na iyon.

This couldn’t be happening! She couldn’t suddenly be attracted to her twin sister’s soon-to-be husband! She couldn’t possibly have developed an instant attraction for Javier Amorsolo when she had known him all her life!

Walang kibo si Kenna habang nasa loob sila ng sasakyan ni Javier. Iniisip pa rin niya ang hinalang attraction na bigla na lamang niyang naramdaman para sa binata. Hindi niya iyon maaaring basta na lamang tanggapin dahil imposibleng mangyari iyon. This man beside her was not just any other guy. This was Javier. Ang lalaking hindi niya gusto… ang lalaking kinaiinisan niya. Ang lalaking simula pagkabata pa lamang ay hindi na niya nakasundo.

And most of all, ito ang lalaking pakakasalan ng kakambal niyang si Keira.

"Do you love me, Javier?" out of the blue ay bigla niyang naitanong.

Siguro ay napasubsob siya kung hindi lamang siya naka-seatbelt sa biglaang paghinto nito sa sasakyan. Tila ba labis itong nabigla sa tanong niya kaya nawalan ito ng kontrol sa manibela.

"I'm sorry. God, Keira, I'm sorry," he said. "Are you okay?"

"Bakit ba bigla mo na lang inihinto itong sasakyan?" maang na tanong niya.

"I was… shocked." Tumitig ito sa kanya.

"About what?"

"About you asking that question."

"Bakit?"

"I don't know," anito. "It's just that… ngayon mo lang itinanong ang tungkol sa bagay na 'yan."

"So? Mahal mo ba ako?" matapang na ulit niya. Hindi niya alam kung ano ang pumasok sa isip niya at nagawa niyang itanong iyon. Maybe she just wanted to know his feelings for Keira. Inaasahan niyang walang hirap nitong sasagutin ang tanong na iyon. Ngunit taliwas ang naging reaction nito.

Bakit hindi na lamang nito sinabi right away na oo, mahal siya nito—este—si Keira pala. Bakit kailangan nitong ma-shock nang ganoon? May hindi ba siya nalalaman sa relasyong namamagitan kina Javier at Keira?

"We practically grew up together. We both liked each other. And we have decided it was time to have a relationship and get married. We suit each other perfectly…" anitong tila ba nangangapa ng tamang salitang sasabihin. At habang nagsasalita ay iniiwasan nito ang mga mata niya.

What was wrong with this man? Isa ba iyon

sa mga dahilan kung bakit tila atubili si Keira na magpakasal kay Javier? Napansin ba nito ang ngayon napapansin niya sa binata? Dahil kapag narinig niya ang salitang ‘suit’ sa bibig ng lalaking pakakasalan niya ay talaga namang baka masapak niya iyon.

Ganoon lang? They suit each other kaya magpapakasal sila? Ridiculous!

“That’s all?” di-makapaniwalang bulalas ni Kenna. “Parang convenient kaya magpapakasal tayo?”

Hindi na siya magtataka kung bakit biglang nakaramdam ng pagdadalawang-isip si Keira sa pagpapakasal kay Javier. Wasn’t Javier capable of loving?

“Why do you seem so mad?” tila walang kaide-ideyang tanong ng binata sa kanya. Hindi lamang pala ito perfectionist kundi manhid pa!

“Why? You’re asking me why? Are you kidding me, Javier?” asik niya. Pagkatapos niyon ay hindi na siya nakapagtimpi pa. Mabilis na bumaba siya ng sasakyan nito. Labis ang inis at pagkapikon na nararamdaman niya. And that was in behalf of her twin sister.

Nagpalakad-lakad siya sa labas ng kotse. At nang makita niyang bumaba na rin si Javier ay nakita niya

ang labis na pagtataka sa mukha nito. The man really had no idea why she was so upset!

Dahil sa sobrang inis ay nagsimula siyang maglakad palayo sa sasakyan. Dahil baka masapak lamang niya ito. Baka tuluyan na nitong mahalata na may nagbago nga buhat nang manggaling sa Maynila ang pinaniniwalaan nitong si Keira.

"Keira, where are you going?" tanong nito habang nakasunod sa kanya.

"I just want to breathe fresh air, Javier," inis na sagot niya.

"Keira, wait!" Ngunit nagpatuloy lamang siya sa paglalakad. She was fuming mad! "Keira, will you stop and tell me what's happening?" demand nito habang hindi magkandatuto sa paghabol sa kanya.

Huminto siya at hinarap ito. "Bakit hindi mo kaya tanungin ang sarili mo?" singhal niya habang palapit ito sa kanya.

"I don't exactly know what happened back there in the car? Ano ang ikinagalit mo nang husto?"

"Nagtatanong ka pa? Well, Mr. Javier Amorsolo, sinong bride-to-be naman ang matutuwa upon learning that the only reason her future husband is

marrying her is because she suits him, duh?" Hindi na niya napigilang ipakita rito ang stubbornness.

Hindi na niya naisip na hindi ganoon umakto ang kapatid niya. Basta dere-deretso lamang siya sa pagsasalita. She was only trying to protect her sister!

Kitang-kita niya ang shock sa mukha ni Javier. Gusto na talaga niya itong sapakin dahil hanggang sa mga sandaling iyon ay nagpi-pretend pa rin itong walang kaalam-alam sa sinasabi niya at sa nangyayari. *Poor Keira*, she thought.

"Is that the reason why you're upset?" tanong nito nang sa wakas ay mahimasmasan.

"Oh, do you really have to ask? I can't believe this. I can't believe you." Muli niya itong tinalikuran at nagpatuloy sa paglalakad.

"Keira!"

"What?" hindi humihinto at hindi lumilingong turan niya.

"Why would you be upset about something that came straight from you?"

Naikunot ni Kenna ang noo sa narinig. Napahinto sa paglalakad. Did she hear him correctly?

Muli siyang humarap. “What?” takang tanong niya. Hinintay nitong makalapit sa kanya bago sumagot.

“You heard me right,” anang binata. “Hindi ba’t sa ’yo mismo nanggaling ang mga salitang we suit each other and that it’s enough reason to marry?”

“Keira—I… I said that? I actually said those words?” Disbelief was all written all over her face.

“Yes, you did.”

*Oh-my-God! How could you make a complete fool of yourself, Kenna?*